

PAGBABAHAGI NG IMPORMASYON AT NARARAPAT NG GAWAIN AT PAGKILOS SA PUBLIKO KAPAG MAY NILUNSD NA BALISTIKONG MISAYL

Mula sa Opisina ng Pangalawa sa Pangulong Kalihim (Namumuno sa Pagtugon at Pamamahala ng Krisis)

1. ANO ANG “J-ALERT”?

Kapag ang isang balistikong misayl na nilunsad mula sa Hilagang Korea ay lumilipad patungong bansang Hapon, pinapalagay na lilipad ito dito sa napakadaling panahon. Upang harapin ang posibilidad na may lilipad na balistikong misayl sa bansang Hapon, nakahandang ipatupad ng gobyerno ang pambansang madaliang sistema ng babala (tinatawag na “J-ALERT”) sa anumang oras buong araw upang magbigay sa publiko ng impormasyon ukol sa emerhensiya.

Kapag ginamit ang J-ALERT, sa pamamagitan ng pampublikong radyo, awtomatikong ihahatid at madidinig sa lahat ng lungsod, bayan at munisipyo sa buong bansa ang mga babala sa pag-iwas sa sakuna sa mga laud-ispiker na nakapuwesto sa labas. Maliban dito, madaliang maghahatid ang gobyerno sa mga mobayl na telepono ng ulat at pang-emerhensiyang paunawa sa pamamagitan ng e-mail.

2. NILALAMAN NG IMPORMASYONG IHAHATID AYON SA J-ALERT

Kapag pinatakbo ang J-ALERT, ibobrodkast sa pamamagitan ng pampublikong radyo sa pangkahalatang lungsod, bayan at munisipyo ang mga mensahe tungkol sa pag-iwas sa sakuna kasama ang tunog ng isang sirena tulad ng nakatala sa sumusunod na *link*. Ang mga mensahe ay ihahatid sa wikang Hapon lamang.

<http://www.kokuminhogo.go.jp/img/siren.mp3>

* Ang tunog ng nabanggit na sirena sa itaas ay nauukol sa paghatid ng impormasyon para sa proteksiyon ng publiko at naiiba ito sa tunog ng sirenang pinapatunog bilang babala kapag may darating na tsunami at iba pa.

* Ipinagbabawal ang pagpaparami, pangongopya o pagtatala ng sirenang nabanggit nang walang pahintulot o sapat na dahilan.

Bilang karagdagan, madaliang ipapadala ng gobyerno sa mga mobayl na telepono ang pang-emerhensiyang ulat tungkol sa nilunsad na misayl sa pamamagitan ng e-mail na kasabay ang pagkuliling ng mga mobayl na telepono. Ang teleponong gamit ang sistemang Android at nakikinabang sa serbisyong ibinibigay ng NTT Docomo ay maaaring tumanggap ng J-ALERT na impormasyon sa wikang Ingles, pinasimplihan na wikang Instik at wikang Koreano.

3. Mga Nararapat na Gawain at Pagkilos

Kapag kumililing ang mobayl na telepono na nagdadala ng sirena at impormasyong pang-emerhensiya, manatiling kalmado at kumilos kaagad

ayon sa mga sumusunod.

- Kung nasa labas ka: Lumikas sa malapit na gusali o manatili sa ilalim ng lupa.
 - Maaaring tumigil sa anumang gusali kung walang malapit na matibay na istraktura.
- Kung walang gusali na malapit sa kinaroroonan mo: Magtago sa likod ng anumang istraktura at mahiga na kung saan ang iyong mukha ay nakaharap sa lupa at protektahan ang iyong ulo.
- Kung nasa loob ka ng isang gusali: Lumayo sa mga bintana o lumipat sa silid o lugar na walang bintana.

Gayundin, kapag may bumagsak na misayl nang may kalapitan, gawin ang mga sumusunod na hakbang.

- Kung nasa labas ka: Gumamit ng panyo at takpan ang iyong bibig at ilong at lisanin kaagad ang iyong kinalalagyan at lumikas sa isang lugar na hindi mapapasukan ng hangin at manatili sa loob ng gusali.
- Kung nasa loob ka ng isang gusali, mangyaring patayin o *i-off* ang dekyrenteng *fan* o anumang bentilador, at isara din lahat ng mga bintana at panatilihing mahigpit na selyado ang lugar.

Bilang karagdagan, mangyaring sumangguni sa mga leaflet at *Q & A* na materyales ukol sa nararapat na gawain at pagkilos kapag bumagsak ang anumang balistikong misayl. (Ang mga materyales na ito ay nakalahad sa wikang Ingles at mababasa din sa Pampublikong Proteksyon Websayt *).

*Websayt para sa Pampublikong Proteksyon:
http://www.kokuminhogo.go.jp/en/pc-index_e.html